# Balitang Manmin

BILANG 194 ENERO 7, 2018

# Mensahe ng Punong Pastor para sa Taong 2018

## Ipapakita ang Mas Dakilang Kaluwalhatian ng Diyos sa Taong 2018



Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang nanguna sa pangkalahatang pagpupulong ng iglesya noong taong 2017 na idinaos sa pinakamalaking santuwaryo sa huling pagsamba sa Linggo ng gabi. Bago magdaos ng pagsamba para salubungin ang taong 2018, inanunsyo niya ang apat na pangitain mula sa Diyos na dapat ipanalangin ng lahat ng miyembro ng Manmin Central Church at ng mahigit-kumulang 11,000 sangay at katuwang na iglesya para matupad sa taong darating.

### Unang Pangitain: Ipinakita ang Banal na Ministeryo sa Paggamit ng Kalawakan Ayon sa Kapangyarihan ng Muling Paglikha

Mababasa sa Juan 14:12, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sumasampalataya sa Akin ay gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta sa Ama." Gaya ng sinabi, ang pinakamabuting resulta ay makakamit at ang pinakaninanais na bunga ay makukuha pagkatapos magpakasanay sa paggamit ng kalawakan ayon sa kapangyarihan ng muling paglikha.

Ang kahulugan ng 'paggamit ng kalawakan' ay 'supilin (control) ang lahat ng kalawakan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng muling paglikha.' Kapag ipinakita ang kapangyarihan ng muling paglikha walang imposibleng mangyari sa kahariang espirituwal at sa pisikal na mundo. Napapahina nito ang mga bagyo at unos, binabago nito ang direksyon ng mga ito. Kaya nitong magpaulan para lutasin ang tagtuyot o tapusin ang pagbaha, kaya nitong magpahangin ng malakas para mapawi ang maduming hangin o 'yellow dust' o 'fine dust.' Nakapagliligtas o nakapagbabago ito ng mga kaluluwa at ipinapakita sa kanila ang espirituwal na mundo.

### Pangalawang Pangitain: Ang Ministeryong Puno ng Kagalakan at Umaapaw na mga Kasagutan sa Pamamagitan ng Pusong Tapat at Lubos na Katiyakan ng Pananampalataya

Sinasabi ng Sa Mga Hebreo 10:22, "Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig." Kapag nakamit natin ang tapat na puso at nagkaroon ng lubos na katiyakan ng pananampalatya, tatanggapin natin ang pag-ibig at mga biyaya mula sa ating Diyos, ang PANGINOON ng mga hukbo.

Paparating na ang mga biyayang inihanda ng Diyos. Ihanda na ninyo ang mga tamang sisidlan; tulad ng – pusong tapat at lubos na katiyakan ng pananampalataya. Kaya dapat ninyong linisin ang puso ninyo at punuin ito ng katotohanan. Kung may tiwala kayo sa pagmamahal ng pastol, na pinuno niya ang sukat ng katarungan para sa inyo, at kung aasa kayo sa orihinal na liwanag at tinig, kahit dito sa mundong puno ng kasalanan at kasamaan, hindi lang masamang gawain ang maiwawaksi ninyo kundi pati masamang konsiyensya na nakatago sa likas ninyo. Hinihikayat ko kayong maghangad ng Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa langit, at magsumikap na makatayo sa bato ng pananampalataya para makamit ang antas ng espirituwal at banal para makibahagi kayo sa malaking kagalakan sa panahon ng pamimigay ng mga biyaya.

### Pangatlong Pangitain: Ang Ministeryong Pinababangon at Pinagliliwanag ang mga Mananampalataya para Magtayo ng 'Tunay na Santuwaryo'

Sinasabi ng Isaias 60:1, "Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo." Magliliwanag tayo kapag tinanggap natin ang Banal na Espiritu bilang handog kapag tinanggap natin ang Panginoon. Magiging espirituwal at banal kayo kapag ipinanganak ang espiritu ninyo ng Banal na Espiritu.

Ang santuwaryong itinayo ng mga mananampalatayang bumabangon at nagliliwanag ay tunay na santuwaryo. Sa mga tunay na santuwaryo tulad nito, ipapahayag ang kalooban ng Diyos, lalaya ang mga tao mula sa mga karamdaman, kahinaan, pagsapi ng mga demonyo, mga problema sa buhay at tahanan, lugar ng trabaho, negosyo, dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Itatayo ang pinakamalaking santuwaryo ayon sa kalooban ng Diyos at kikilalaning tunay na santuwaryo sa katapusan ng panahon. Maraming kaluluwa ang magdadagsaan sa santuwaryo para maligtas. Kaya mas magiging mabilis ang pagtatayo ng santuwaryo kung babangon at magliliwanag ang mga mananampalataya.

### Pang-apat na Pangitain: Ang Ministeryo ng Pagtupad ng 'Espirituwal na Pag-ibig' Nang Mas Lubusan

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 13:13, "At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay pag-ibig." Ang espirituwal na pag-ibig ay pinakadakilang handog ng Espiritu dahil tutulungan tayo nito na maging mga tunay na anak ng Diyos, maluluwalhati sila at makakapasok sa lunsod ng Bagong Jerusalem.

Noong taong 2007, sinabi sa akin ng Diyos na itanim sa puso ko ang pagnanais na mangaral sa pulpito at nangako Siya na tutuparin Niya ang pagnanais na ito at nanaisin din Niyang luwalhatiin natin Siya. Mariin ang paghihikayat sa akin na itanim sa puso ko ang 'Espirituwal na Pag-ibig.' Tulad ng naipangako, ang kalaliman ng pag-ibig ng Diyos ay ipinahayag sa iglesyang ito magmula noong taong 2010. Nakatatak sa puso ng mga mananampalataya ang Diyos ng pag-ibig. Sinasabi ng Diyos ngayon na darating sa iglesyang ito ng lubusan ang espirituwal na pag-ibig sa taong 2018.

Sa 2018, Bagong Taon, kapag ipapahayag na ang mga tunay na kamagha-manghang kapangyarihan sa pamamagitan ng kalawakan gamit ang muling paglikha, idinadalangin ko na magsikap kayong magkaroon ng pusong tapat, ng lubos na katiyakan ng pananampalataya, at makamit ng lubos ang espirituwal na pag-ibig para magliwanag kayo at maging kabahagi ng ministeryo ng pastol sa makapangyarihang pagtupad ng kalooban ng Diyos bago magwakas ang panahon.

# Pinagpapala Tayo ng Diyos para Makapag-ipon ng Mabubuting Bagay



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit ang magbigay ng mabubuting bagay sa mga humihingi sa Kanya!"
(Mateo 7:11)

Sinasabi na kung ano ang itinanim natin, iyon ang ating aanihin. Ito ang katuwiran ng Diyos at ang espirituwal na batas. May pagkakaiba ang paghahasik at pag-aani, depende ito kung ang gagamitin ay paraan ng tao o paraan ng Diyos. Kung susundin natin ang paraan ng tao, limitado o may hangganan ang aanihin natin. Pero kung susundin natin ang paraan ng Diyos, mag-aani tayo ng hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw. Higit sa tatlumpu, animnapu, at daan-daang beses. Ipapaliwanag ko kung paano mag-aani ng masagana.

### 1. Magtanim kayo ng may pagpapasalamat

Ang pagpapasalamat ninyo sa Diyos ay nagpapatunay ng pananampalataya ninyo sa Kanya. May mga taong nagrereklamo at nagtatanong kung bakit hindi sila binigyan ng mga pagpapala ng Diyos pagkatapos nilang gumawa ng mabigat na trabaho. Ginawa nila ito dahil kailangan nilang gawin ito o dahil may posisyon silang hinahawakan sa trabaho. Makapagbubunga ba sila ng perpektong bunga? Sinasabi ng Sa Mga Hebreo 11:6 na kung walang pananampalataya, imposibleng bigyan ng lugod ang Diyos. Ibig sabihin, kung wala tayong pananampalataya, hindi tayo kalulugdan ng Diyos, at hindi natin mapatutunayan ang pananampalataya natin sa pamamagitan ng pagpapasalamat ng taos-puso.

Hindi pa ako nakapagkaloob sa Diyos ng hindi bukas sa puso o napipilitan lang. Lagi kong pinasasalamatan ang pagpapala ng Diyos, kaya sinisikap kong magkaloob ng pinakamabuti at pinakasukdulan. Kung minsan nalulungkot ako dahil mas higit pa sana ang ibinigay ko. Nasisiyahan akong magkaloob sa Diyos kahit hirap ako sa pera noong bagong mananampalataya pa lang ako. Ngayon, masaya ako sa kaloob kong oras, pera, pamilya, pati buhay para sa Diyos dahil mahal ko Siya. Masayang tinatanggap ng Diyos ang mabangong samyo ng puso ko, at binibiyayaan Niya ako ng 'hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw.'

Hinihikayat ko kayong alalahanin kung nagkulang kayo sa pagpapasalamat sa Diyos sa pananalangin at pagkakaloob ninyo. Nahihirapan ba kayo dahil nagpag-iiwanan kayo ng daloy ng espiritu? O nanghihina ang espiritu ninyo habang nasa iglesya kayo dahil nabibigatan kayo sa tungkulin ninyo dito? Hindi malulugod ang Diyos sa ganitong klaseng puso.

Tinatanggap ng Diyos ang mabangong samyo na magmumula sa puso ng bawat isa. Kaya kahit parepareho ang halaga ng kaloob sa Diyos ng mga tao, magkakaiba ito sa paningin ng Niya, depende ito kung nagbigay sila nang may pusong nagpapasalamat o napipilitan.

Ang sukat ng pagpapalugod sa Diyos ay magkakaiba, ito ay ayon sa bango ng samyo ng puso nila. At malaki ang magagawa nito sa kasagutan, kinalabasan, tirahan, kaluwalhatian at gantimpala sa Langit. Kaya umaasa ako na ihahasik ninyo ang mabangong samyo ng pagpapasalamat na nakalulugod sa Diyos sa bawat aspeto.

### 2. Dapat hintayin ang tamang pagkakataon ng may pananampalataya

Matagal bago umusbong at magbunga ang halaman mula sa buto. Paano kung hukayin ng isang magsaska ang mga buto na katatanim lang? Mamamatay ito! At magkakaiba din ang panahon para umusbong at magkabunga ang bawat isang klase ng buto. Gaya nito, may mga kasagutan mula sa Diyos na kaunting oras lang hinihintay, pero ang iba naman ay mahabang panahon ang hihintayin.

Mababasa Galacia 6:9, "At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay." May mga taong hindi sinasagot dahil hindi nila hinintay ang tamang panahon. Tandaan ninyo na may nakatakdang panahon para sa lahat ng bagay.

Halimbawa, iniwan ni Abraham ang kanyang bansa, mga kamag-anak, at ang tahanan ng ama niya sa edad na 75, sinunod niya ang kalooban ng Diyos. Pagkatapos, naghintay siya ng 25 taon bago magkaroon ng anak na lalaki na ipinangako sa kanya ng Diyos. Kailangang pagdaanan ni Jacob ang mga pagsubok habang nagtatrabaho siya sa bahay ng tiyo niya sa loob ng 20 taon bago siya naging ama ng Israel. Dumaan din si Moises ng paghubog sa desyerto bago siya maging lider ng Exodo.

Gaya ng mga ito, may nakatakdang panahon para tuparin ng Diyos ang gawain Niya. Huwag kayong mainip, mainis, o mabahala ni magreklamo at kung anu-anong sinasabi, kahit parang hindi agad nagbubunga ang mga binhing hinasik ninyo. Isa lang itong patunay na kulang kayo sa pananampalataya. Wala kayong tiwala sa Diyos na namamahala ng lahat ng bagay, hindi kayo makahintay. Kaya kikilos na kayo agad, nagmamadali, ginagamit ang sariling kalooban. Ang magiging resulta nito ay hindi ang inaasahan ninyo. Pagkatapos manalangin, maghintay at magtiwala kayo. Kikilos ang Diyos at papatnubayan Niya kayo. May mga taong gustong kumilos ng nag-iisa.

Kahit parang walang nangyayari, sundin pa rin ninyo ang paraan ng Diyos kung gusto ninyong maging mabuti at masagana ang lahat ng bagay. Dapat magtiwala kayo na tutuparin Niya ang ipinangako Niya, at maghintay sa pagkilos na itinakda Niya. Hindi sinasabing maupo na lang kayo sa isang tabi. Ang sinasabi dito ay kumilos kayo sa patnubay ng Banal na Espiritu at magtiwala sa pangako ng Diyos. Huwag kayong umasa sa sarili ninyong desisyon.

Sabihin natin na idinadalangin ninyong makatanggap ng pagpapala ang negosyo ninyo. Tutulungan kayo ng Diyos sa paghahanda ng sisidlan para sa mga pagpapala. Huhubugin Niya kayo para maging karapat-dapat na sisidlan ng mga biyaya. Sa pamamagitan nito, papasaganahin Niya ang kaluluwa ninyo, bibigyan Niya kayo ng karunungan at kapangyarihan, dadalhin Niya kayo sa mabuting kapaligiran para maging mabuti ang takbo ng lahat ng bagay para sa inyo.

Kung susundin ninyo ang patnubay ng Banal na Espiritu at kikilos ng may pananampalataya, magiging mabunga kayo. Umaasa ako na maghihintay kayo sa itinakdang panahon, mananampalataya, mag-aani ng masaganang bunga, at iipunin ang mga gantimpala.

### 3. Ibigay ang lahat ng luwalhati sa Diyos

Habang ipinapangral ni Apostol Pablo ang ebanghelyo ng Panginoon sa mga Hentil, dumaan siya sa lahat ng klaseng pag-uusig at paghihirap. Hindi niya ipinagmalaki na nagtagumpay siya sa gawain para sa Diyos dahil sa pagtatrabaho at pagsasakripisyo niya. Nagpakababa siya at sinabi pa na 'siya ang pinakamakasalanan' at 'ipinanganak ng wala sa panahon.'

Sinabi niya sa 1 Mga Taga-Corinto 15:10, "Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako, at ang Kanyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan. Sa halip, ako'y naglingkod nang higit kaysa kanilang lahat, bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin." Kahit lubos ang pagluluwalhati niya sa Diyos, inaalala pa rin niya ang nakaraan niya. Inalala niya ang pagpapala ng Panginoon sa kanya na papunta sa kamatayan. Ibinigay niya ang lahat para sa Diyos.

Kung kikilalanin ninyo ang Diyos at ibibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Kanya, malulugod Siya sa inyo. Kaya hinihikayat ko kayong ibigay sa Diyos ang lahat ng pagpapasalamat, kaluwalhatian, at karangalan. Sabihin ninyong, "Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako."

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinasabi ng Mga Awit 126:5, "Yaong nawang nagsisipaghasik ng luhaan, ay mag-ani na may sigaw ng kagalakan!" Sinasabi, ang mga naghasik ng luhaan ay magagalak pagdating ng panahon ng anihan.

Kung maghahasik kayo ng buong puso sa harapan ng Diyos, maglilingkod, magiging tapat, mananalangin, at magbabahagi ng ebanghelyo, hindi mababalewala ang pagsisikap ninyo. Babalik sa inyo ito bilang walang hanggang gantimpala. Bukod dito, sasagutin, pagpapalain, magiging malusog, magkakaroon kayo ng karunungan at kaluwalhatian kahit dito sa lupa. Ibibigay sa inyo ng Diyos ang umaapaw na mga biyaya.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makapasok nawa kayo sa pintuang gawa sa perlas at makarating sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa araw na itinakda para anihin ang bunga ng buhay ninyo dito sa mundo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Sa Tulong ng Pagpapala at Kalakasan ng Diyos

Kung binigyan kayo ng pagpapala at kalakasan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan, malulutas ninyo kahit na anong problema, matutupad ang mga minimithi ng inyong puso, magpapanibago at makapapasok kayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating tirahan sa Langit. Pag-aralan natin ang mga bagay na posible nating gawin sa pagtanggap natin ng pagpapala at kalakasan ng Diyos.

## Magkakaisa tayo

Pwedeng tumanggap ng pagpapala at kalakasan mula sa Diyos kahit sinuman kapag iwawaksi nila ang mga kasalanan at kasamaan at magiging banal ayon sa Salita ng Diyos. Makikipag-isa sila sa Panginoon at sa isa't isa.

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 1:10, "Mga kapatid, ngayon ay nananawagan ako sa inyo sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na kayong lahat ay magsalita ng isang bagay lamang, at huwag magkaroon sa inyo ng mga pagkakabaha-bahagi, kundi kayo'y magkaisa sa isang pag-iisip at layunin lamang." Kung tutularan ninyo ang katuwiran ni Cristo, hindi kayo magiging dahilan ng hindi pagkakasundo, magiging magkakatulad ang mga naisin at kalooban ninyo. Makikiisa kayo sa kanila sa pamamagitan ng katotohanan at ng Banal na Espiritu.

Siyempre, magkakaroon ng magkakaibang opinyon habang may isinasagawang isang bagay, pero hindi dapat maging dahilan ito ng pagkakalayo ng mga puso (Mateo 12:25). Kung ipipilit ng bawat isa sa atin na sila ang tama at magiging dahilan ng kaguluhan, magsisimula ang pagkakahati-hati ng kalooban, magugulo ang gawain ng kaharian ng Diyos. Kaya, kapag nagbibigay kayo ng opinyon, huwag ninyong piliting kayo ang masunod, sa halip, pagbukludin ninyo ang mga puso ng tao at magka-isa para matupad ang gawain ng Diyos.

Kung tatanggap kayo ng pagpapala at kalakasan mula sa Diyos, makakamit ninyo ang pusong tatanggap ng lahat ng bagay na nasa katotohanan. Sundin ninyo ang opinyon ng ibang tao kahit mas mabuti ang ideya ninyo. Huwag ninyong piliting ipakita ng iba ang pananampalatayang tulad ng sa inyo kung ang pananampalataya ninyo ay mas malaki kaysa sa kanila.

Paglingkuran ninyo ang ibang tao, hanapin kung ano ang makabubuti sa kanila, at bigyan ninyo sila ng biyaya. Huwag kayong magtanim ng sama ng loob kahit ginagawan kayo ng masama ng ibang tao. Makipagkasundo sa lahat ng tao at maging mapayapa sa paggawa ng gawain ng Panginoon, para makipag-isa kayo sa Panginoon.

## Magiging responsable tayo sa gawain ng Panginoon

Sinasabi ng Galacia 6:2, "Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa, at sa gayon ay matutupad ninyo ang kutusan ni Cristo." Kung ipapasan ng bawat isa sa inyo ang mga problemang nagpapabigat sa iba at maghahati kayo sa responsibilidad, ang batas ni Cristo o, ang batas ng pag-ibig ay makakamit. Kinakailangan ang pag-ibig para maipasan ang mabigat na dalahin ng iba at ang pakikibahagi sa responsibilidad.

Kapag naglilingkod kayo sa Panginoon, dapat akuin ninyo itong isang responsibilidad, may pagmamahal sa Panginoon at sa mga kapatid kay Cristo. Pero may mga taong tumutulong lang sa gawain ng Panginoon kapag ang suhestyon nila ang nasunod, o kaya kapag binigyan sila ng espesyal na mga tungkulin. Kung hindi, panonoorin na lang nila ang paglilingkod ng iba.

May mga taong tumutulong sa paghahanda sa mga pagpupulong, tinatanong nila kung may maitutulong sila kahit hindi nila tungkulin ang tumulong sa pagpupulong. Kapag napagsabihan sila sa pagmimisyong ginawa nila, mahihiya sila kahit hindi naman sila ang nanguna dito. Baka magsisi at mag-ayuno pa sila dahil dito. Kahit hindi sila mga pastor at walang posisyon sa iglesya, maalab ang pananalangin nila para sa mga kaluluwa, binibisita nila ang mga kaluluwa, nag-aayuno at nananalangin para sa mga ito.

Kapag binigyan kayo ng pagpapala at kalakasan, aakuin ninyong responisibilidad ang mga problema ng mga kaluluwa, parang problema din ninyo ito dahil mahal ninyo ang Panginoon at ang mga kaluluwa. Parang patotoo ni apostol Pablo sa 2 Mga Taga-Corinto 11:29, "Sino ang mahina, at ako na'y hindi mahina? Sino ang natitisod, at ako'y 'di nag-iinit?" Kapag naglilingkod kayo at sinasabing gawain ninyo ang gawain ng Panginoon at responsibilidad ninyo ito, pahahalagahan kayo ng Diyos at ng ibang tao.

## Makakamit natin ang kabutihan

Para makipagkaisa sa ibang tao at maging responsible sa gawain ng Panginoon, dapat tayong maging mabuting tao. Kabutihan lang ang tutulong sa atin para magpakababa at magsakripisyo, hanapin kung ano ang makabubuti sa iba, at magkaisa. Bukod dito, taos-puso ang paglilingkod natin, hindi pilit o pakitang-tao.

Ang pagiging mabuti ay nagpapahiwatig na dapat tayong maging laging handa dahil malapit ng magwakas ang panahon. Sinasabi sa atin ng Biblia na bago magwakas ang panahon magiging laganap ang mga kasalanan at kasamaan. Pero, hindi ninyo mapapansin kung gaano karumi ang henerasyong ito kung hindi nakahanda ang espiritu ninyo. Pero ang napakaraming kasalanan, ang lawak nito, at dalas ng kalamidad ang nagtatago ng kadiliman. Hindi ninyo makikita ang mga palatandaan ng katapusan ng panahon. Noong dumating ang paghuhukom ng apoy sa Sodoma at Gomorra, at ng bumaha sa buong mundo sa panahon ni Noe, hindi pinaniwalaan ng mga tao ang babala kaya nangamatay sila.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 13:11-12, "Bukod dito, alam ninyo ang panahon, na ngayo'y oras na upang magising kayo sa pagkakatulog. Sapagkat ngayon ay higit na malapit na sa atin ang kaligtasan kaysa noong tayo'y sumasampalataya nang una. Malalim na ang gabi, at ang araw ay malapit na. Kaya't iwaksi na natin ang mga gawa ng kadiliman, at ating isakbat ang mga sandata ng liwanag." Sa panahon nating malapit ng magwakas, isipin natin ang bawat bagay, 'Maging mas mabuti dapat ako' o 'Dapat akong kumilos ayon sa kalooban ng Diyos.' Dapat maging banal ang puso ko sa pamamagitan ng pagpapala at kalakasan ng Diyos.

Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:23, "Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo." Tandaan natin ang talatang ito, at lubusin ang paghahanda sa pakikipagtagpo sa Panginoon sa pananalangin, at pagkakaroon ng mabuting puso. Kaya, halina kayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan! (Pahayag 16:15; 22:14).

# "Malapit na akong mamatay sa sakit kong 'interstitial pneumonia' pero muli akong lumakas!"

Punong Diakonesa Deokbun Jang, 62 taong gulang, Parokya 17, Manmin Central Church

Noong Setyembre 13, 2017, nahirapan akong huminga, lagi akong inaantok. Nagpasuri ako sa ospital. Sinabi ng doktor na huwag mabahala sa sakit ko, pinabalik niya ako pagkatapos ng dalawang linggo. Pero nang bumalik ako, lumala ang kalagayan ko. Kaunting lakad ko lang, hinihingal na ako. Nawala ang lakas ng katawan ko. Patigil-tigil ako kahit sa pagsisipilyo ng ngipin.

Noong Setyembre 27, pumunta ulit ako sa ospital, nagulat ang doktor sa kondisyon ko. Iminungkahi niya na magpasuri ulit ako. Kinabukasan na ako tinanggap sa ospital dahil walang bakanteng kwarto. Isinailalim ako sa pagsusuri ng dugo, sa CT scan, brochus endoscope, at electrocardiogram. Napansin ko na nabahala ang mga doktor na sumusuri sa akin. Nalaman ko na may mga naospital din na ang sakit ay tulad ng sakit ko. Namatay silang hindi nalaman kung ano ang ikinamatay nila.

Noong Setyembre 29, sinabing interstitial pneumonia ang sakit ko. Malala ang kalagayan ko pero hindi ako nabahala, pagkalipas ng dalawang araw, nakilala ko ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Kababalik lang niya mula sa bahay panalanginan sa bundok, bumalik siya para sa ika-35 anibersaryo ng iglesya.

Kinabukasan, dumating ang pastor ng parokya namin, idinalangin niya ako gamit ang panyo na pinanalanginan ng Punong Pastor (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos ng panalangin para sa akin, nawala ang matinding sakit sa dibdib ko, pero nahirapan pa rin ako sa paghinga. Hindi ako makahinga kung walang tulong ng respirator. Nanghina ang katawan ko, hindi ko maigalaw kahit mga daliri ko. Nagsisi ako sa harapan ng Diyos, at umasang makakausap ang Punong Pastor.

Noong Oktubre 1, tinulungan ako ng pamilya ko na makalabas ng ospital na nakasakay sa silyang may gulong kahit hindi ako pinayagan ng mga doktor. Nagtiwala ako na pagagalingin ako ng Diyos. Bago magsimula ang pagsamba sa Linggo ng umaga, pumunta ako sa pinakamalaking santuwaryo. Mapayapa ang puso ko, ang tanging hiling ko lang ay gumaling sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos at luwalhatiin Siya.





Nakita sa CT scan ang pulmonya



Gumaling mula sa pulmonya

Pagkatapos kong tanggpin ang panalangin ng Punong Pastor pagkatapos ng mensahe niya, uminit ang pakiramdam ko, naging maaliwalas. Napakasaya ko! Inisip ko, 'Magaling na ako!' Lumakas ang katawan ko, lumakad ako sa paradahan ng mga sasakyan ng hindi nakasakay sa silyang may gulong.

Nang makarating ako sa ospital, bumaba ako sa kotse at pumasok nang walang tulong. Nagawa kong makipag-usap sa ibang tao. Bumuti ang kalagayan ko. Habang ipinagdiriwang ang Chuseok Holidays, tinanggap ko ang naka-record na panalangin ng Punong Pastor araw-araw at pinakinggan ko ang mga sermon niya at mga awiting papuri. Pagkakataon ko nang alalahanin kung gaano kalaking biyaya ng Diyos ang makadalo sa iglesyang ito at mabuhay ng may pag-asa para sa Langit.

Noong Okubre 8, natiyak ko na lubos ang paggaling ko habang dumadalo sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Pakiramdam ko, nakalabas ako mula sa madilim at mahabang lagusan. Dahil napakasaya ko, gusto kong sumayaw sa pulpito. Pagkatapos ng pagsamba sa gabi, bumalik ako sa ospital at sumailalim sa maraming pagsusuri. Pinayagan na akong maka-uwi. Hallelujah!

Kinabukasan, Oktubre 9, nagsimula ang espesyal na pulong panalanging Daniel. Magmula sa unang araw, ibinuhos ng Diyos sa akin ang pagpapala at tinulungan Niya akong pagsisihan ang mga kasalanan ko. Binigyan Niya ako ng panibagong lakas at nakabawi ako. Malusog na ako ngayon, at puno ng pagmamahal sa una kong pag-ibig, ang aking Diyos.

Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos na nagpagaling sa akin, nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na nanalangin nang may buong pagmamahal para sa akin, hindi isinusumbat ang mga pagkukulang ko.

# "Iningatan ang anak ko ng panalanging lumalampas sa lugar at panahon!"



Kapatid Natalia Polyshuk, 44 taong gulang, Ukraine

Noong taong 2008, napanood ko ang mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa TBN Russia, isang istasyon ng TV sa wikang Ruso. Wala pa ako naringig na mensaheng tulad nito, parang matamis na pulot. Nakakuha ako ng pagpapala mula sa mga ito.

Gusto kong maringig ang iba pang mensahe, binisita ko ang website ng Manmin Central Church www.manmin.org. Mababasa sa website ang mga mensahe sa walong wika, isa na nga dito ang wikang Ruso. Pinakinggan ko ang mga mensahe ng Punong Pastor at nakisabay sa mga pagsamba na naka-brodkast. Noong Oktubre 2011, nagrehistro ako bilang miyembro ng Manmin sa internet. Hindi nagtagal, naging miyembro ng Manmin ang buong pamilya ko.

Samantala, noong taong 2013, ipinagbuntis ko ang pangatlong anak ko. Pero habang nagagalak ako sa aking bagong buhay, nilabasan ako ng dugo. Nagpa-ultrasound ako sa ospital, nasuring mababa ang plasenta ko, hindi ito normal. Delikado ang kalagayan ko dahil baka malaglag ang ipinagbubuntis ko. Pinayuhan ako ng doktor na magpahinga at mahiga lang. Bukod dito, dahil delikado ang situwasyon ko, manganganak ako sa pamamagitan ng cesarean.

Pero lumabas ako ng ospital dahil gusto kong Diyos ang magpagaling sa akin. Marami na akong nakitang makapangyarihang pagkilos na ipinakita ng Diyos sa pamamagitan ng Punong Pastor. Nagpadala ako ng hiling na panalangin sa Manmin Central Church para idalangin ang panganganak ko.

Noong Nobyembre 2013, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor na lumalampas sa lugar at panahon sa pagsamba sa Ukraine. Nagpunta ulit ako sa ospital para magpa-ultrasound. Nakita dito na nagbago ang posisyon ng plasenta ko, naging normal na ito.

Noong Pebrero 17, 2014, nanganak ako ng isang malusog na babae sa normal na paraan, lumalaki na ito ng maayos. Kahit malayo ang tirahan ko, ramdam ko na kapamilya ako ng Manmin dahil sa GCN. Masigasig ako sa pagsulong patungo sa pagiging banal, may pag-asa na makakarating sa Bagong Jerusalem.

Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na gumagabay sa amin sa pamamagitan ng salita ng buhay.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714